Australian Government

NATIONAL **LUNG** CANCER **SCREENING** PROGRAM

Kapag natagpuan habang maaga, mahigit sa **65%** sa mga kanser sa baga ay magagamot nang matagumpay

Ikaw ba kaya ay karapatdapat sa libreng pagpa-screen ng kanser sa baga?

Ang National Lung Cancer Screening Program (NLCSP) ay nag-aalok ng libreng mababang-dosis (low-dose) na CT scan sa mga Australyanong nasa mataas na peligrong magkaroon ng kanser sa baga. Sa maagang pagkakatagpo ng kanser sa baga, bago pa lumabas ang mga sintomas, ito ay magbibigay sa iyo ng pinakamahusay na pagkakataon sa matagumpay na paggagamot.

Ako ba ay karapatdapat?

Ikaw ay maaaring karapatdapat kung natugunan mo ang LAHAT ng mga sumusunod:



- ☐ **Nasa edad na 50 hanggang 70 taong gulang**



- ☐ **Walang mga senyales o sintomas ng kanser sa baga**



- ☐ **Nagsisigarilyo sa kasalukuyan, o tumigil ng pagsisigarilyo nitong nakaraang mga 10 taon**



- ☐ **Mahalagang kasaysayan sa pagsisigarilyo** (isang kaha isang araw sa loob ng 30 taon)

Hindi ka kailangang tumigil sa paninigarilyo para lumahok sa NLCSP

Tungkol sa Pambansang Rehistro ng Pagpa-screen ng Kanser (National Cancer Screening Register)(NCSR)

Tatanungin ka ng iyong doktor para sa iyong permiso sa pagpapalista mo sa National Cancer Screening Register. Ito ay hindi sapilitan. Kung pipiliin mong hindi lumahok, makakapag-scan ka parin, ngunit hindi ka makakatanggap ng otomatikong mga pagpapa-alala (reminders) o ang iyong resulta sa pamamagitan ng NCSR.

Kung mayrooon kang anumang mga sintomas ngayon

Kung sa palagay mo ay nakakaranas ka ng mga sintomas ng kanser sa baga, huwag nang maghintay. Makipagkita kaagad sa iyong propesyonal sa pangkalusugang pangangalaga o Katutubong magtatrabaho sa kalusugan (Aboriginal health worker). Ang punong mga sintomas ng kanser sa baga ay kinabibilangan ng bago o nagbago ang pag-ubo, umuubo ng dugo, hindi maipaliwanag na pagkakapos ng hininga o pagbaba ng timbang, pagkapagod at pananakit ng dibdib o balikat na hindi nawawala.

Alamin ang karagdagan:

health.gov.au/nlcsp

o tumawag sa Rehistro ng Pambansang Pag-screen sa Kanser (National Cancer Screening Register) sa **1800 627 701**

Kung kailangan mo ng isang interpreter, mangyaring tumawag sa **13 14 50**

Itong mga mapagkukunan ay makukuha sa iba pang mga wika

Ang susunod mong mga hakbang

Anong mga hakbang ang dapat sundin kung sa palagay mo ay karapatdapat ka sa libreng pagpa-screeen sa kanser sa baga.


1



Makipag-usap sa iyong doktor

Sabihin mo sa iyong doktor na ikaw ay interesado sa **pagpa-screen sa kanser sa baga**. Titingnan nila kung ikaw ay karapatdapat at bibigyan ka ng sulat pagsangguni para sa isang **libreng low-dose na CT scan**. May ilalapat na bayad sa pagkonsultasyon kung ang iyong doktor ay hindi nagbu-bulk bill.


2



Magpalista ng iyong CT scan

Magpalista ng iyong low-dose CT scan sa isang lokal na radiology clinic. Ang iyong doctor ay makakatulong sa iyo para makahanap ng radiology clinic na malapit sa lugar mo. **Ang pag-scan mismo ay libre, saklaw ng Medicare.**

3



Magpunta sa iyong appointment

Ang isang radiographer ay magdadala sa iyo sa isang pribadong lugar para ka komportable. Sasabihin sa iyong humiga ng pantay (flat) sa kama na nakataas sa ibabaw ng iyong ulo ang iyong mga braso. Kailangan mong pigilin ang iyong paghinga at huwag gagalaw ng ilang mga segundo habang ang makina ay umaandar sa pagkuha ng mga larawan sa iyong dibdib.

4



Pagkatapos ng scan

A-abisuhan ka ng NCSR para sa susunod na mga hakbang.

Kung may makitang anuman

Hihimukin kang pag-usapan ninyo ng iyong tagapagbigay ng pangkalusugang pangangalaga ang iyong mga resulta. **Hindi ito nangangahulugang mayroon kang kanser** – ibig lang sabihin nito na kailangan nilang tingnan nang mas masinsinan.

Iniisip mo bang tumigil na sa pagsisigarilyo?

Makakatulong ang iyong doktor. O tumawag sa Quitline sa **13 78 48** o bisitahin ang **quit.org.au**

Ang scan ay mabilis, hindi masakit at walang kahalong anumang mga iniksyon.

Ang appointment ay aabutiin lang ng mga 10 hanggang 15 minuto.

Australian Government

NATIONAL **LUNG** CANCER **SCREENING** PROGRAM

Para sa karagdagang impormasyon:

health.gov.au/nlcsp

o tumawag sa Rehistro ng Pambansang Pag-screen sa Kanser (National Cancer Screening Register) sa **1800 627 701**